

## **Humihingi ang Lungsod ng feedback sa mga plano sa muling pagbubukas at pagbangon**

BRAMPTON, ON (Mayo 12, 2020) – Ang Pangkat ng Mayor sa Muling Pagbubukas at Pagbangon ay inumpisahan ang pagpapalahok sa komunidad para makatiyak na ang muling pagbubukas ng Lungsod ay nakakatupad sa mga pangangailangan sa serbisyo at kaligtasan ng publiko at staff.

Kabilangan ito ng isang serye ng mga konsultasyon kasama ang partikular na mga pangkat ng user, mga negosyo at mga pangkat ng komunidad. Sa Mayo 13, ang una sa nasabing mga konsultasyon ay idadaos kasama ang mga pangkat ng sport.

Iniiimbithan din ang komunidad ng Brampton na ibahagi ang kanilang feedback sa pamamagitan ng paglahok sa isang bagong inilunsad na survey sa Muling Pagbubukas at Pagbangon [available online dito](#), o sa pamamagitan ng pagkonekta sa pamamagitan ng email sa [covid19reopencity@brampton.ca](mailto:covid19reopencity@brampton.ca).

Pinangunahan ng Rehiyonal na Konsehal na si Martin Medeiros at sa gabay mula sa Brampton Emergency Management Office, ang working group ay tutuon sa muling pagbubukas ng Lungsod sa isang ligtas at sinukat na paraan. Ang pangkat ay magpapayo tungkol sa mga proseso para gumabay sa mga specialized COVID-19 task force sa panahon ng payugto-yugtong pagbabalik para ang mga residente, negosyo at empleyado ay patuloy na makatatanggap sa suportang kailangan nila.

Para sa karagdagang impormasyon sa tugon ng Lungsod sa COVID-19, bumisita sa [www.brampton.ca/COVID19](http://www.brampton.ca/COVID19)

### **Mga Quote**

“Ang paggawa ng mga plano para sa ating muling pagbubukas at pagbangon sa kalaunan ng Lungsod ay nakadepende sa mahigpit na pakikipagtulungan sa ating mga partner at sa gabay ng Probinsya at ng Peel Public Health. Ang mithiin natin ay para maipagtibay ang coordinated na tugon na nagpapatuloy sa momentum ng pagpigil sa pagkalat ng COVID-19. Nagpapasalamat ako sa pagsisikap at commitment ng ating komunidad at hinihingi ang kanilang patuloy na suporta habang ipinagpatuloy natin ang ating tugon.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Nagpapatuloy ang trabaho sa pagpapatibay ng ligtas, sinukat na plano para sa paunti-unting muling pagbubukas at pagbangon ng Lungsod. Umaasa tayo sa patuloy na suporta at feedback ng komunidad habang umaabante tayo sa prosesong ito. Inaasahan ko ang pagkakaroon ng makahulugang mga pagtalakay sa mga stakeholder ng Lungsod na tutulong sa paghubog ng ating mga plano at tiyakin ang komprehensibong paraan.”

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4; Pinuno, Working Group ng Muling Pagbubukas at Pagbangon ng Mayor*

“Mula sa pagsisimula ng COVID-19, binago nang malaki ng Lungsod ang paghahatid nito ng serbisyo at programa. Inaasahan ang muling pagbubukas sa pagsisimula muli ng mga operation sa kalaunan, nananatiling ganoon pa rin ang ating pokus – kabutihan ng ating komunidad. Ang ating layunin ay maingat na ibalanse ang mga pangangailangan ng mga residente at ng lahat ng stakeholder ng Lungsod habang inuuna ang kalusugan at kaligtasan.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

**KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)